# *Tamang Mga Mapagkukunang para sa Salapi*
# *Mag-ipon at huwag Magsayang Yugto 1*

***"6 Pumaroon ka sa langgam, ikaw na tamad; masdan mo ang kaniyang mga lakad at magpakapantas ka: 7 Na bagaman walang pangulo, tagapamahala, o pinuno, 8 Naghahanda ng kaniyang pagkain sa taginit, at pinipisan ang kaniyang pagkain sa pagaani." (Kawikaan 6:6-8 KJV)***

Isa pang mapagkukunan ng kita ay ang ating mga ipon. Sa tiyak na panahon binigyan tayo ng Dios ng higit dahil nais Niya tayong maipon at huwag magsayang. Ito ang ating mga layunin: *"Ang dagdag na natatanggap natin ngayon ay pagkakaloob ng Dios para sa atin para sa hinaharap, kaya kailangan nating ipunin ang dagdag."*

Ginagamit ng Dios ang langgam upang turuan tayo na mag-ipon at mag-imbak ng labis na binigay Niya sa atin. Ang sining ng pag-iipon na matutunan natin mula sa halimbawa ng langgam ay napapaloob ng dalawang pangunahing mga bagay:

**A. <u>Pag-iipon</u>:** Upang partikular na tipunin ang mga bagay na tinanggihan ng iba at pagsamahin ang mga ito at ipunin din ang mga bagay na naiwan-lingkod na balang araw ay magiging kapaki-pakinabang.

**B. <u>Pag-iimbak</u>:** Upang maayos na itago ang mga ito at ilagay sa tamang lugar kung saan maaari natin kunin sa kalaunan kapag kailangan natin ito.

Ang mga taong iniwan ng mga Caldeo sa ilalim ni Gedaliah ay pinagturuan na anihin ang mga prutas ng tag-init, at maari nating ipalagay, na ito ay upang iproseso ito sa katas ng ubas, langis o tuyong prutas at itago ito para sa panahon ng taglamig. ***"9 At si Gedalias na anak ni Ahicam na anak ni Saphan, ay sumumpa sa kanila at sa kanilang mga lalake, na sinasabi, Huwag kayong mangatakot na magsipaglingkod sa mga Caldeo; kayo'y magsitahan sa lupain, at magsipaglingkod sa hari sa Babilonia, at ikabubuti Ninyo. 10 Tungkol sa akin, narito, ako'y tatahan sa Mizpa, upang tumayo sa harap ng mga Caldeo, na paririto sa atin: nguni't kayo, mangagpisan kayo ng alak at ng mga bunga sa taginit at ng langis, at inyong ilagay sa inyong mga sisidlan, at kayo'y magsitahan sa inyong mga bayan na inyong sinakop." (Jeremias 40:9-10 KJV)*** Malamang, ang mga uring ito ng mga puno ay natural na tumubo, at ito ay pagpapala ng Dios upang tipunin ang kanilang mga bunga at panatilihin ang mga ito upang magamit para sa panahon ng taggalamig. Ang paraan ng pag-iipon at pag iimbak ng mga bungang ito ay isang paraan upang panatilihin ang mga ito sa loob ng isang panahon. Ito ay tunay na karunungan at magpapatunay na maging kapaki-pakinabang sa mga nagsasagawa nito. Kailangan gawin natin ang ganyang mga bagay sa ating pamilya; ang ating mga anak ay dapat sanayin na gawin ang mga bagay na ito upang kapag sila'y lumaki, ibabahagi nila ang paraang ito sa kanilang mga anak. Napakagandang paraan ito upang makatipid kung kaya nating iproseso ang mga katas, suka, mga jam, at sarsa, sa halip na bilhin ang mga ito sa sobrang taas na presyo.

Maraming mga tao ang hindi nagtatago ng mga gamit at maliliit na bagay sa bahay (papel, pansulat, calculator, relo, mga pako, pandikit, pampahid, sapatos, tsinelas, damit, laruan, kagamitan at iba pa) na magagamit nila balang araw. Itintapon lang nila ang mga ito ngunit pagdating ng panahon na kailangan nila ang mga bagay na ito, kailangang magbayad sila ng malaking halaga. Ang ganitong pag-uugali ay magbubunga sa napakalaking pagkalugi ng mga yaman. Kailangan nating maging malikhain sa pagpapanatili ng anumang mayroon tayo. Kailangan nating itago ang mga ganitong bagay sa tiyak na mga lugar at lagyan ng tatak at gumawa ng listahan ng mga ito upang kapag kailangan natin ang mga ito, madali natin silang makita nang hindi nasasayang ang oras at pera.

Maging pagkain ay maaring mapanatili para sa mahabang panahon sa paggamit ng iba't ibang mga paraan. Sa pagdaan ng kasaysayan, tinuruan ng Dios ang mga tao sa iba't ibang mga bahagi ng sanlibutan upang panatilihin ang iba't ibang mga uri ng pagkain, karne, isda, gulay, bunga, at mga binhi sa paggamit ng asin, pagpapatuyo, pagyeyelo, paghahanda ng mga atsara, jam, melasa, at iba pa.

Inutusan ng Dios si Noe na ihanda, at panatilihin ang pagkain para sa kanyang sarili, sa kanyang asawa, at sa kanilang tatlong mga anak na lalaki, para kani-kanilang mga asawa at para sa mga hayop na kasama nila sa sasakyang dagat. ***"19 At sa bawa't nangabubuhay, sa lahat ng laman ay maglululan ka sa loob ng sasakyan ng dalawa sa bawa't uri upang maingatan silang buhay, na kasama mo; lalake at babae ang kinakailangan. 20 Sa mga ibon ayon sa kanikanilang uri, at sa mga hayop ayon sa kanikanilang uri, sa bawa't nagsisiusad, ayon sa kanikanilang uri, dalawa sa bawa't uri, ay isasama mo sa iyo, upang maingatan silang buhay. 21 At magbaon ka ng lahat na pagkain na kinakain, at imbakin mo sa iyo; at magiging pagkain mo at nila. 22 Gayon ginawa ni Noe; ayon sa lahat na iniutos sa kaniya ng Dios, ay gayon ang ginawa niya." (Genesis 6:19-22 KJV)*** Ito ay bahagi ng ating paglilingkod sa Dios na kailangan nating malaman kung paano gawin ang ganitong mga bagay para sa ating mga malalapit at mahal sa buhay.

Sa bawat bansa at siyudad sa mundo, mayroong isa o higit na mga bunga o gulay (isang pambansang halaman o isang pambansang puno) na makakain bilang pagkain na natural na tumutubo at makikita ng mga tao upang pitasin at kainin. Ito ay panibagong paraan ng pagiipon ng natural na yaman. Mababasa natin sa Biblita kung paanong pumunta si Jesus sa puno ng igos upang kumain. ***“18 Pagka umaga nga nang siya'y bumabalik sa bayan, nagutom siya. 19 At pagkakita sa isang puno ng igos sa tabi ng daan, ay kaniyang nilapitan, at walang nasumpungang anoman doon, kundi mga dahon lamang; at sinabi niya rito, Mula ngayo'y huwag kang magbunga kailan man. At pagdaka'y natuyo ang puno ng igos.” (Mateo 21:18-19 KJV)*** Si Jesus ay nagutom nang Siya ay lumapit sa puno ng igos at nais Niyang gawing pagkain ito. Tila ito ay isang bagay na karaniwang ginagawa ng mga tao kapag sila ay nagugutom. Sinasabi rin sa Bibliya kung paano kumakain ang mga alagad ng mais. ***“1 Nang panahong yaon ay naglalakad si Jesus nang araw ng sabbath sa mga bukiran ng trigo; at nangagutom ang kaniyang mga alagad at nangagpasimulang magsikitil ng mga uhay at magsikain.” (Mateo 12:1 KJV)*** Sa bansang aking tinitirhan, sagana ang mga dates ng palma at malaya kaming pumitas mula sa mga puno. Nagtitipon kami ng maraming prutas at iniimbak ito matapos itong patuyuin sa malaking dami. Ginagamit namin ito bilang kendi o bilang sangkap sa paggawa ng cake o cookies.

Minsan, malapit sa aking bahay, ako ay dinala ng Panginoon sa isang puno ng igos. Sa lugar na aking tinitirhan, hindi karaniwan ang makakita ng puno ng igos ngunit pinahintulutan ito ng Panginoon. Ang punong iyon ay nasa pagitan ng dalawang gusali at walang nag-aalaga sa puno at walang nakikialam upang kainin ang mga prutas na nahulog sa lupa. Sa aking pang-araw-araw na paglalakad para sa ehersisyo, nagsimula akong magtipon ng halos isang libra ng prutas. Hindi ito masyadong matamis ang lasa at iyon marahil ang isa sa mga dahilan kung bakit walang interes ang iba na kainin ang prutas na ito. Ang isa pang dahilan ay maaaring hindi kilala ang igos sa lugar na aking tinitirhan. Ngunit ako ay nagalak na ibinigay sa akin ng Dios ang malusog na prutas na ito, mayaman sa mineral at bitamina. Para saan namin ito ginamit? Naging malikhain kami at ginamit ang aming kasanayan sa pagluluto upang maghanda ng masasarap na kendi gamit ang mga dates at igos. Ang natira ay pinatuyo at pinanatili bilang bunga para sa taginit.

Hindi lamang pera na kailangan nating ipunin kundi pagkain, tubig, kuryente, oras, kasangkapan, kagamitan sa opisina, at iba pang mahalagang sari-saring bagay. Pagkatapos pakainin ang karamihan ng 5000 lalaki, tinuruan ni Jesus ang kanyang mga alagad kung paano tipunin ang natitira upang maiwasan ang pagsasayang. ***“12 At nang sila'y mangabusog, ay sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang. 13 Kaya't kanilang tinipon, at nangapuno ang labingdalawang bakol ng mga pinagputolputol sa limang tinapay na sebada, na lumabis sa nagsikain.” (Juan 6:12-13 KJV)*** Tinutustusan ni Jesus ang bawat pangangailangan natin. Ngunit pagkatapos tayong mapunan, hindi natin dapat sayangin ang natira. May ilang tao na naglalagay ng maraming pagkain sa kanilang mga plato at sinasayang ito; itinatapon nila ang karne at gulay sa basura sa malaking halaga ng pera. Ang pagsasayang sa anumang paraan ay kasalanan at ang mga taong gumagawa nito ay hahatulan ng Panginoon. May ilang tao na itinatapon ang sobrang pagkain at inumin nang hindi iniimbak para sa susunod na pagkain pagkatapos nilang kainin ito minsan. Ang itinatapon nila ay maaaring kumatawan sa 20 porsyento o higit pa ng kanilang susunod na pagkain at itong lahat ay pagsasayang ng pera at paggawa. Hindi nais ni Jesus na sayangin natin ang anumang bagay.

Kahit ang mga tagubilin na ibinigay sa pista ng Kapaskuhan ng Pagliligtas ay nagtuturo sa atin na magtipid at huwag sayangin.

***“4 At kung ang sangbahayan ay napakakaunti upang kumain ng isang kordero, ay siya nga at ang kaniyang malapit na kapitbahay ay magsasalosalo sa isa ayon sa bilang ng mga tao; ayon sa bawa't tao na kumakain gagawin ninyo ang pagbilang, sa kordero.” (Exodo 12:4 KJV)*** Kaya ayaw ng Dios na patayin nila ang isang tupa para lang kainin ng isang maliit na pamilya at magkaroon ng sobra. Kaya sinabi Niya sa kanila na hatiin ang tupa sa pagitan ng dalawang pamilya. Inutusan sila ng Dios na kainin ang lahat ng bahagi ng tupa at huwag magsayang ng kahit ano mula rito at kung sakaling hindi nila matapos kainin, kailangan nilang sunugin ito. ***“9 Huwag ninyong kaning hilaw, o luto man sa tubig, kundi inihaw sa apoy; ang kaniyang ulo pati ng kaniyang mga paa at pati ng kaniyang mga lamang loob. 10 At huwag kayong magtitira ng anoman niyaon hanggang sa kinaumagahan; kundi yaong matitira niyaon sa kinaumagahan ay inyong susunugin sa apoy.” (Exodus 12:9-10 KJV)*** Sa ngayon, pagdating sa mga pagdiriwang sa simbahan, gumagastos ng labis ang simbahan sa pagkain at bukod pa rito, maraming pagkain ang nasasayang at itinuturing nila itong pakikipagkapatiran sa pangalan ng Dios. Ang paggastos nang marangya na parang iginagalang natin ang Dios, ay hindi ayon sa Kasulatan. Sa katunayan, naglatag ang Dios ng mahigpit na alituntunin upang mabawasan ang pagsasayang ng pagkain.

Binanggit Niya sa taludtud 9 na kailangan nilang kainin ito kasama ng lamang loob. ***“9 Huwag ninyong kaning hilaw, o luto man sa tubig, kundi inihaw sa apoy; ang kaniyang ulo pati ng kaniyang mga paa at pati ng kaniyang mga lamang loob.” (Exodus 12:9 KJV)*** Ang ibig sabihin ng lamang loob ay ang nasa loob na bahagi

ng tupa: baga, bato, atay, pali, at iba pa. Maliwanag na ayaw ng Diyos na masayang ang kahit anong bahagi nito.

Sa Kasulatan, maaari rin nating basahin tungkol sa tinapay na inihanda tuwing araw ngb Sabbath upang gamitin bilang pagkain sa loob ng isang buong linggo para sa mga inapo ni Aaron habang ginagawa nila ang kanilang ministeryal na tungkulin sa loob ng tabernakulo ng Dios. ***"5 At kukuha ka ng mainam na harina, at magluluto ka niyan ng labing dalawang munting tinapay: tigdadalawang ikasampung bahagi ng isang epa ang bawa't munting tinapay. 6 At ilalagay mong dalawang hanay, anim sa bawa't hanay, sa ibabaw ng dulang na dalisay sa harap ng PANGINOON. 7 At maglalagay ka sa bawa't hanay ng dalisay na kamangyan, upang ito'y maging paalaala na tinapay, na handog nga sa PANGINOON na pinaraan sa apoy. 8 Sa bawa't sabbath ay aayusing palagi ang tinapay sa harap ng PANGINOON; sa ganang mga anak ni Israel, na pinakatipang walang hanggan. 9 At magiging kay Aaron at sa kaniyang mga anak; at kanilang kakanin sa dakong banal: sapagka't kabanalbanalang bagay sa kaniya sa mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy sa pamamagitan ng palatuntunang walang hanggan." (Leviticus 24:5-9 KJV)*** Ang tinapay na inihanda ay kinain sa loob ng buong linggo. Hindi sila nagreklamo tungkol sa pagkakaroon nitong luma at itinapon nila ito. Ang ilang tao ngayon ay hindi gusto kumain ng lumang tinapay na niluto ilang araw na ang nakalipas, ngunit itinatapon nila ito at sinasayang, habang itinuturo ng Salita ng Dios na huwag gawin iyon.

Ang iba pang paraan ng pagtitipid ay kapag ginamit nating muli at muling ginagamit ang mga bagay. May mga bagay na maaaring muling gamitin. Halimbawa, ang mga damit, sapatos, at tsinelas ay maaaring muling gamitin. Ang maayos na damit ng mga nakatatandang bata ay maaaring gamitin muli ng kanilang nakababatang kapatid. Maaaring gamitin ng mga bata ang damit ng kanilang mga magulang. Sinabi ng Dios kay Moises na ang mga damit ni Aaron ay dapat gamitin ng kanyang anak na si Eleazar. ***"25 Dalhin mo si Aaron at si Eleazar na kaniyang anak, at isampa mo sila sa bundok ng Hor. 26 At hubaran mo si Aaron ng kaniyang mga suot at isuot mo kay Eleazar na kaniyang anak: at si Aaron ay malalakip sa kaniyang bayan, at doon siya mamamatay. 27 At ginawa ni Moises gaya ng iniutos ng PANGINOON: at sila'y sumampa sa bundok ng Hor sa paningin ng buong kapisanan. 28 At hinubaran ni Moises si Aaron, ng kaniyang mga suot, at isinuot kay Eleazar na kaniyang anak; at namatay si Aaron doon sa taluktok ng bundok: at si Moises at si Eleazar ay bumaba sa bundok." (Bilang 20:25-28 KJV)*** Iyon ay utos ng Dios na isusuot ni Eleazar ang mga damit ni Aaron na kanyang ama. ***"29 At ang mga banal na kasuutan ni Aaron ay magiging sa kaniyang mga anak, pagkamatay niya, upang pahiran ng langis sa mga yaon, at upang italaga sa mga yaon." (Exodus 29:29 KJV)*** Ang Dios ay sobrang partikular sa pagmungkahi nito at nais Niyang masunod ito. Maraming pagsisikap ang inilaan sa paghahanda ng lahat ng bahagi ng damit na isinusuot ni Aaron, mula sa pagpili ng materyal, sa kasanayang kinakailangan, hanggang sa oras na ginugol para sa gawain. Walang dapat sayangin lalo na dahil ang mga damit ay gagamitin para sa susunod na henerasyon. Ang mga pananamit ng mga saserdote ng mga pinahiran na lingkod ay maaaring gamitin pagkatapos nilang matapos ang kanilang paglilingkod sa lupa. Sa kasalukuyan, walang nagnanais gumamit ng damit ng kanilang mga magulang.

Ang mga sundalo na nagpako kay Jesus ay kinuha ang kanyang mga damit, ***"35 At nang siya'y kanilang maipako sa krus ay kanilang binahagi ang kaniyang mga damit, na kanilang pinagsapalaran;" (Mateo 27:35 KJV)*** Malamang na muling ginamit nila ang mga ito. Ang mga damit na nasa magandang kalagayan at anyo ay mga bagay na kailangan nating pag-isipan bago itapon. Ang mga madaling magtapon ay mahirap sa pagtitipid ng pera.

Ang mga damit sa Kasulatan ay pinahahalagahan ng mga tao. Ang mga damit ay mahalagang bahagi ng samsam sa digmaan at binanggit ito sa Kasulatan. Ang mga lalaki ay dumadating ng huli mula sa digmaan sa isang takdang oras upang hatiin ang mga nasamsam at kasama rito ang mga damit.

Pinakalma ng mga babae ang ina ni Sisera nang siya ay nahuli sa pagbalik mula sa digmaan, sinasabihan siya na abala siya sa paghahati ng mga nasamsam: ***28 Sa dungawan ay sumungaw, at sumigaw; Ang ina ni Sisara ay humiyaw mula sa mga silahia: Bakit kaya ang kaniyang karo ay nagluluwat ng pagdating? Bakit kaya bumabagal ang mga gulong ng kaniyang mga karo? 29 Ang kaniyang mga pantas na babae ay sumagot sa kaniya, Oo, siya'y nagbalik ng sagot sa kaniyang sarili. 30 Hindi ba sila nakasumpong, hindi ba nila binahagi ang samsam? Isang dalaga, dalawang dalaga sa bawa't lalake; Kay Sisara ay samsam na damit na may sarisaring kulay, Samsam na sarisaring kulay ang pagkaburda, Na sarisaring kulay, na burda sa dalawang tagiliran, Na suot sa leeg ng mga bihag?" (Mga Hukom 5:28-30 KJV)***

Pinagnasaan ni Achan at dinala sa kanyang bahay ang isang piraso ng balabal ng Babilonia mula sa nakuhang Samsam sa Jerico. ***"21 Nang aking makita sa samsam ang mainam na balabal na yaring Babilonia, at ang dalawang daang siklong pilak, at ang isang dila na ginto, na limang pung siklo ang timbang, ay akin ngang inimbot, at aking kinuha; at, narito, nangakukubli sa lupa sa gitna ng aking tolda, at ang pilak ay nasa ilalim niyaon." (Joshua 7:21 KJV)*** Ang mga damit noong unang panahon ay mahahalagang bagay. Binanggit na binantayan ni Saul ang mga damit ng mga taong nagbato kay Esteban. ***"58 At siya'y kanilang itinapon sa***

***labas ng bayan, at binato: at inilagay ng mga saksi ang kanilang mga damit sa mga paanan ng isang binata na nagngangalang Saulo." (Acts 7:58 KJV)*** Bantayan ni Saul ang kanilang mga damit upang walang sinuman ang magnakaw nito.

Mahalagang bagay ang mga damit at hindi natin dapat basta-basta itapon ang mga ito. Hiniling ni Pablo kay Timoteo na dalhin sa kanya ang kanyang balabal na iniwan niya kay Carpo kasama ng kanyang mga aklat at mga pergamino. ***"13 Ang balabal na aking iniwan sa Troas kay Carpo ay iyong dalhin pagparini mo, at ang mga aklat, lalong lalo na ang mga pergamino." (2 Timothy 4:13 KJV)***

Kahit sa ngayon, mahalaga ang mga damit. Mahalaga ang mga damit, sapatos, at iba pang palamuti sa mga panahong ito at kailangan nating maging matalino sa pamimili para sa mga ito at panatilihin ang mga ito sa pinakamainam na paraan. Dapat linisin at plantsahin nang maayos ang mga damit upang magmukha tayong maayos. Hindi mahalaga kung gaano na sila katanda hangga't maayos ang kanilang pag-aalaga at maaaring muling gamitin.

Saksi ang Salita ng Dios tungkol dito: ***"5 At aking pinatnubayan kayong apat na pung taon sa ilang: ang inyong mga damit ay hindi naluma sa inyo, at ang iyong panyapak ay hindi naluma sa iyong paa." (Deutronomy 29:5 KJV)*** Kung ang ating mga damit o sapatos ay hindi pa sira, maaari pa rin naming ipagpatuloy ang paggamit nila. Maaari nating ilapat ang parehong tuntunin sa aming mga mobile, relo, pitaka, bag, at iba pa.

***"47 Ang suot na kinaroroonan ng ketong, maging kasuutang balahibo ng tupa o kasuutang linol; 48 Maging nasa paayon o maging nasa pahalang; ng lino o ng balahibo ng tupa; maging sa balat o sa alin mang yaring balat; 49 Kung ang tila salot ay namemerde o namumula sa kasuutan, o sa balat, maging sa paayon, o maging sa pahalang, o sa alin mang kasangkapang balat; ay salot na ketong nga at ipakikita sa saserdote, tinitingnan ng saserdote ang tila salot, at ipatatago ng pitong araw ang bagay na may tila salot: 51 At titingnan ang bagay na may tila salot, sa ikapitong araw: kung kumalat ang tila salot sa kasuutan, maging sa paayon, o sa pahalang, o sa balat, o alin mang ginagawa sa balat, ay ketong na ngumangatngat ang gayon tila salot; yao'y karumaldumal. 52 At kaniyang susunugin ang kasuutan, maging paayon, at maging pahalang ng balahibo ng tupa o lino o sa alin mang kasangkapang balat na kinaroroonan ng salot; sapagka't yao'y ketong na ngumangatngat, yao'y susunugin sa apoy. 53 At kung pagtingin ng saserdote, at, narito, kung makita ngang hindi kumalat ang salot sa kasuutan, maging sa paayon man, o sa pahalang man, o sa alin mang kasangkapang balat; 54 Ay palalabhan nga ng saserdote yaong kinaroroonan ng salot, at ipatatago pa ng pitong araw: 55 At titingnan ng saserdote ang bagay na may salot, pagkatapos na malabhan: at, narito, kung makitang ang salot ay hindi nagbago ang kulay, at hindi kumalat ang salot, yao'y karumaldumal; susunugin mo sa apoy: isang ngatngat nga, maging ang nanisnis ay nasa karayagan o nasa kabaligtaran. 56 At kung pagtingin ng saserdote, at, narito, kung makita ngang namutla ang dakon may salot pagkatapos na malabhan, ay hahapakin sa kasuutan, o sa balat, o sa paayon, o sa pahalang: 57 At kung muling lumitaw sa kasuutang yaon, maging sa paayon, o sa pahalang, o sa alin mang yari sa balat, ay muling sumisibol: susunugin mo sa apoy yaong kinaroroonan ng salot. 58 At ang kasuutan, maging sa paayon, o sa pahalang, o sa alin mang yari sa balat, na iyong labhan, at maalis ang salot, ay lalabhan ngang ikalawa, at magiging malinis. 59 Ito ang kautusan tungkol sa salot na ketong sa kasuutang balahibo ng tupa o lino, maging sa paayon, o sa pahalang, o sa alin mang yari sa balat, upang ipakilalang malinis, o upang ipakilalang karumaldumal." (Leviticus 13:47-59 KJV)*** Sa mga kautusan na may kinalaman sa ketong, dapat suriin ng pari ang mga damit na may ketong at maaaring kailanganin niyang suriin muli ang mga ito upang magpasya kung malinis ba ang mga ito o hindi, bago siya magpasya na kailangan sunugin ang mga damit. Ang mga damit, kasuotan, o balat ay mahahalaga at mamahaling bagay kaya't naglagay ang Dios ng mga alituntunin upang malaman kung sa ilalim ng anong kalagayan sila kailangang sunugin. Kahit ngayon, inaasahan ng Dios na ilapat natin ang mga patakaran mula sa Kanyang Salita tungkol sa damit, upang malaman kung sa ilalim ng anong kalagayan kailangan nating itapon o sirain ang mga ito.

***Sa aking mahal at minamahal: "13 Sino ang marunong at matalino sa inyo? ipakita niya sa pamamagitan ng mabuting kabuhayan ang kaniyang mga gawa sa kaamuan ng karunungan." (James 3:13 KJV)*** Kung ipakumbaba natin ang ating sarili sa harap ng Dios at sa Kanyang Salita at magiging handa na gawin ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagsasayang at pagtitipid sa ipinagkaloob ng Dios, bubuksan Niya ang ating mga mata at ipapakita ang iba pang mga bagay na maaaring gamitin muli. Kaya't ipatupad natin ang lahat ng ating natutunan ngayon sa Kanyang Salita sa ating mga buhay upang magkaroon tayo ng karagdagang kita sa pamamagitan ng pagtitipid, muling paggamit, at hindi pagsasayang ng mga yaman.

Tayo ay manalangin …

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para s aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Panginoon salamat sa para sa iyong Salita na nagturo sa akin na magipon, gamiting muli, at huwag magsayang nga mga yaman. Panginoon salamat para sa lahat ng pagtutuwid at sa mga payo na tinanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon salamat sa mga libreng mapagkukunan na ibinigay mo sa akin na maaari kong magamit sa aking pang-araw-araw na buhay.*

*Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong masamang pamamahala at pagsasayang ng iyong mga yaman. Magsisi sa pagtatapon ng mga bagay na kapaki-pakinabang sa iyo, at pagpapalit sa mga ito ng mas mahal na bagay. Magsisi sa kayabangan, pagmamalaki at pagpapakita. Magsisi sa iyong makamundong ugali at sa iyong pagmamahal sa materyal na bagay. Magsisi sa patuloy na pagtatapon ng mga damit at sapatos at pagbili ng bago. Ipagpakumbaba ang iyong hindi pagnanais na sumunod sa Kanyang kalooban at plano na inilaan Niya para sa iyo. Magsisi sa iyong hindi pagnanais na magtiis para kay Cristo at maglingkod sa Kanya. Panginoon, ako'y nagsisisi at tinatalikdan ang mga sumusunod na kasalanan ________________________________.*

*Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mamuhay ayon sa mga prinsipyo na natanggap namin mula sa iyong Salita upang maging mabuting katiwala, handang mangalap ng mga bagay at itago ang mga ito upang magamit ko sa hinaharap. Panginoon, handa akong dumaan sa makitid na pintuan at sa mabuting plano na mayroon ka para sa akin. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na paglingkuran ka at magdusa para sa iyong layunin.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang sundin ang iyong Salita at mamuhay sa uri ng pamumuhay na nais mong kanilang buhayin, upang iligtas, muling gamitin at hindi sayangin. Panginoon, ipagpatuloy mo ang pagtuturo sa kanila ng iyong mga paraan at gawin ang kanilang buhay na mabuting halimbawa sa iba upang sundan ka.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan at tulungan kaming ipagpatuloy ang pagtuturo tungkol sa pangangalaga sa mga ari-arian at pagbibigay ng kasanayan sa iyong mga tao mula sa Bibliya kung paano mag-impok at huwag sayangin upang lumago ang kanilang kita at matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Panginoon, pangunahan mo kami sa pagtuturo sa mga bagong tao ng mga prinsipyong kailangan nila sa kanilang buhay. Panginoon, puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at mag-ebanghelyo, makalikha ng bagong mga alagad, at magturo ng mga bagong manggagawa upang pumunta at magtanim ng mas maraming pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin ang mas maraming tao na mabautismuhan sa tubig sa bautismo at matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda kami para sa iyong pagdating upang makasama ka kapag dumarating ka. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay sa amin at iligtas kami mula sa anumang kapahamakan upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipag-isa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com